

International Journal Research Publication Analysis

Page: 01-23

IMPLEMENTASYON NG ACADEMIC RECOVERY AND ACCESSIBLE LEARNING (ARAL) PROGRAM AT PAGGANAP NG MGA MAG-AARAL SA ASIGNATURANG FILIPINO

*Dee B. Quirino, MA. Mercedes M. Monsale

Guimaras State University.

Article Received: 16 April 2026

*Corresponding Author: Dee B. Quirino

Article Revised: 06 May 2026

Guimaras State University.

Published on: 26 May 2026

DOI: <https://doi-doi.org/101555/ijrpa.4463>

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang suriin ang implementasyon ng Academic Recovery and Accessible Learning (ARAL) Program at ang kaugnayan nito sa pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa mga pampublikong sekundaryang paaralan sa Schools Division of Iloilo City para sa Taong Panuruan 2025–2026. Gumamit ang pag-aaral ng descriptive–correlational research design. Ang mga tagatugon ay binubuo ng mga guro na ikinategorya batay sa kanilang antas ng edukasyon, posisyon, haba ng serbisyo, at antas ng baitang na tinuturuan. Gumamit ng researcher-modified questionnaire bilang pangunahing instrumento sa pangangalap ng datos, na sinuri gamit ang frequency, percentage, mean, Mann–Whitney U-test, Kruskal–Wallis H-test, at Spearman’s rho sa antas ng 0.05 na lebel ng kahalagahan. Ipinakita ng resulta na ang antas ng implementasyon ng ARAL Program ay napakataas sa kabuuan at sa iba’t ibang pangkat ng tagatugon. Ang pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino ay nasa antas na napakasiyasiya. Natuklasan din na may makabuluhang pagkakaiba lamang sa implementasyon ng programa batay sa antas ng edukasyon, ngunit walang makabuluhang pagkakaiba batay sa posisyon, haba ng serbisyo, at antas ng baitang na tinuturuan. Samantala, walang makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral batay sa anumang propayl ng mga guro. Higit pa rito, natuklasan na may makabuluhang positibo at katamtamang ugnayan sa pagitan ng implementasyon ng ARAL Program at pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino. Batay sa mga natuklasan, ang epektibong implementasyon ng ARAL Program ay mahalagang salik sa pagpapabuti ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

MGA SUSING SALITA: ARAL Program, implementasyon, pagganap ng mag-aaral, asignaturang Filipino, descriptive-correlational, Iloilo City.

PANIMULA

Ipinakilala ng Department of Education (DepEd) ang Academic Recovery and Accessible Learning (ARAL) Program bilang pangunahing inisyatibo sa learning recovery, na naglalayong tugunan ang mga kakulangan sa akademikong pagkatuto at mapabuti ang pagganap ng mga mag-aaral, partikular sa asignaturang Filipino. Nilalayon ng programa na matulungan ang mga estudyanteng nahihirapan sa pag-aaral na muling mahasa sa mahahalagang kasanayan sa pagbasa, pagsulat, at komunikasyon sa pamamagitan ng malikhain, kontekstuwal, at mag-aaral-sentrikong mga estratehiya sa pagtuturo, na nakabatay sa aktibong partisipasyon ng mag-aaral. Sa ganitong paraan, inaasahang maipapabuti ang kanilang kakayahan at kasiglahan sa pagkatuto.

Ipinapakita rin ng mga nakaraang pag-aaral ang bisa ng mga interbensyong pang-edukasyon na may kaugnayan sa ARAL Program. Ayon kay Honra (2023), ang Tele-Aral Program ay nagdulot ng positibong epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng kooperasyon, inobasyon, at tuloy-tuloy na paghasa ng guro, na nagpapahiwatig ng kahalagahan ng koordinasyon sa pagpapatatag ng mga programa sa edukasyon. Samantala, natuklasan ni Dayag (2022) na ang mga estratehiyang nakabatay sa teknolohiya at mag-aaral-sentrikong aktibidad, tulad ng E-ARAL at Alternative Reinforcement and Activity-Based Learning, ay epektibo sa pagpapahusay ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pag-unawa at pagsulat sa wikang Filipino, na naglalahad ng positibong papel ng teknolohiya at lokal na konteksto sa pagtuturo. Gayundin, bumuo at nagpapatunay si Santiago (2025) ng multiple intelligence assessment tools na nagtataguyod ng aktibong partisipasyon, pagprofiling ng mag-aaral, at differentiated instruction, na lalong nakatutulong sa implementasyon ng ARAL Program upang matugunan ang iba't ibang pangangailangan ng mga mag-aaral.

Mula sa mga pag-aaral na ito, malinaw na ang makabago, teknolohikal, at mag-aaral-sentrikong pamamaraan ng pagtuturo ay kritikal sa pagpapabuti ng akademikong pagganap at pagpapatatag ng mga learning recovery programs. Batay dito, layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang implementasyon ng ARAL Program at ang epekto nito sa pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino, upang makapagbigay ng matibay na ebidensiya na magsisilbing batayan sa pagpapalano at pagpapatupad ng mga susunod na interbensyon sa larangan ng edukasyon sa batayang antas.

Pahayag ng Suliranin

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay matukoy ang implementasyon ng Academic Recovery and Accessible Learning (ARAL) Program at pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang filipino sa Dibisyon ng Siyudad ng Iloilo, Pilipinas sa Taong Panuruan 2025-2026.

Partikular, nilalayon nitong sagutin ang mga sumusuod na mga tanong:

1. Ano ang propayl ng mga tagatugon ayon sa antas ng antas ng edukasyon, posisyon, haba ng serbisyo, antas ng baitang na tinuturuan, at lokasyon ng paaralan?
2. Ano ang lawak ng implementasyon ng Academic Recovery and Accessible Learning (ARAL) Program kung itatasa ng tagatugon sa kabuuan at kung ibabatay ayon sa antas ng edukasyon, posisyon, haba ng serbisyo, antas ng baitang na tinuturuan, at lokasyon ng paaralan?
3. Ano ang pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang filipino kung itatasa ng tagatugon sa kabuuan at kung ibabatay ayon sa antas ng edukasyon, posisyon, haba ng serbisyo, antas ng baitang na tinuturuan, at lokasyon ng paaralan?
4. Ano ang makabuluhang pagkakaiba sa lawak ng implementasyon ng Academic Recovery and Accessible Learning (ARAL) Program kung itatasa ng tagatugon at kung ibabatay ayon sa antas ng edukasyon, posisyon, haba ng serbisyo, antas ng baitang na tinuturuan, at lokasyon ng paaralan?
5. Ano ang makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang filipino kung itatasa ng tagatugon at kung ibabatay ayon sa antas ng edukasyon, posisyon, haba ng serbisyo, antas ng baitang na tinuturuan, at lokasyon ng paaralan?
6. Mayroon bang makabuluhang kaugnayan sa implementasyon ng Academic Recovery and Accessible Learning (ARAL) Program at pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang filipino?

METODOLOHIYA

Ang pag-aaral ay gumamit ng descriptive–correlational research design upang masuri ang implementasyon ng ARAL Program at ang pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa Schools Division of Iloilo City para sa taong panuruan 2025–2026. Layunin nitong tukuyin ang antas ng implementasyon ng programa, suriin ang pagganap ng mga mag-aaral, alamin kung may makabuluhang pagkakaiba batay sa profile ng mga respondente, at matukoy ang ugnayan ng dalawang baryabol. Ang mga respondente ay 190 guro mula sa pampublikong mataas na paaralan na pinili sa pamamagitan ng purposive sampling

technique. Gumamit ang mananaliksik ng binagong talatanungan na binubuo ng tatlong bahagi: demograpikong profile, implementasyon ng ARAL Program, at pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino. Isinailalim ang instrumento sa content validation ng mga eksperto at pilot testing upang matiyak ang reliability gamit ang Cronbach's Alpha coefficient. Sa pangangalap ng datos, humingi muna ng pahintulot ang mananaliksik sa mga kinauukulan bago ipamahagi at kolektahin ang mga talatanungan. Ang mga nakalap na datos ay inencode at sinuri gamit ang SPSS sa pamamagitan ng frequency count, percentage, mean, Mann-Whitney U-Test, Kruskal-Wallis H-Test, at Spearman Rho upang mabigyang-interpretasyon ang mga resulta ng pag-aaral.

MGA RESULTA AT PAGTALAKAY

Propayl Ng Mga Tagatugon Ayon Sa Antas Ng Antas Ng Edukasyon, Posisyon, Haba Ng Serbisyo, At Antas Ng Baitang Na Tinuturuan, at Lokasyon.

Makikita sa Talahanayan 1 na karamihan sa mga tagatugon ay may antas ng edukasyong Bachelors Degree na may 99 o 52.1%, samantalang 82 o 43.2% naman ang may Masters Degree (units o graduate), at 9 o 4.7% lamang ang may Doctorate (units o graduate). Sa posisyon, pinakamarami ang Teacher I-III na may 161 o 84.7%, habang 29 o 15.3% lamang ang Master Teacher I-IV. Batay sa haba ng serbisyo, 130 o 68.4% ng mga guro ay may 10 taon pababa na karanasan sa pagtuturo at 60 o 31.6% naman ang may 11 taon pataas. Sa antas ng baitang na tinuturuan, mas maraming guro ang nagtuturo sa Grade 7-8 na may 99 o 52.1% kumpara sa Grade 9-10 na may 91 o 47.9%. Samantala, halos pantay-pantay ang distribusyon ng mga kalahok ayon sa lokasyon, kung saan pinakamataas ang Jaro na may 26 o 13.7% at pinakamababa ang Molo na may 22 o 11.6%, na nagpapakita ng balanseng representasyon mula sa iba't ibang distrito.

Ipinapakita ng resulta na ang karamihan sa mga tagatugon ay mga gurong nasa unang antas ng propesyon at may mas mababang taon ng karanasan, na maaaring makaapekto sa kanilang pananaw, estratehiya, at pagganap sa pagtuturo. Ipinahihiwatig din nito na mahalagang palakasin pa ang propesyonal na pag-unlad at pagpapatuloy ng mas mataas na edukasyon upang higit na mapataas ang kalidad ng pagtuturo at kakayahang propesyonal ng mga guro.

Ang mataas na bilang ng mga gurong may Bachelors Degree at Masters Degree ay nagpapakita na dumarami ang mga guro na nagsisikap magpatuloy ng pag-aaral bilang tugon sa pangangailangan ng mas mataas na kalidad ng edukasyon at propesyonal na pag-unlad. Ayon kina Darling-Hammond at Hyler (2020), ang patuloy na pag-aaral ng mga guro ay may positibong epekto sa kalidad ng pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang malaking

porsyento ng Teacher I–III ay nagpapahiwatig din na karamihan sa mga kalahok ay nasa yugto pa ng pagpapaunlad ng kanilang karanasan at kakayahang propesyonal, na mahalagang konsiderasyon sa pagbuo ng mga programang pagsasanay at mentoring. Kaugnay nito, binigyang-diin nina UNESCO (2023) na ang mga baguhan at mid-career na guro ay nangangailangan ng tuloy-tuloy na suporta upang mapanatili ang epektibong pagtuturo at mataas na antas ng motibasyon. Samantala, ang halos pantay na distribusyon ng mga kalahok ayon sa lokasyon at antas ng baitang na tinuturuan ay nagpapakita ng balanseng representasyon ng mga guro mula sa iba’t ibang distrito, kaya’t higit na nagiging mapagkakatiwalaan at komprehensibo ang datos ng pag-aaral. Sinusuportahan ito ng pag-aaral nina John W. Creswell at Creswell (2021) na nagsasabing mahalaga ang sapat at balanseng representasyon ng mga kalahok upang maging wasto at kapani-paniwala ang resulta ng pananaliksik.

Talahanayan 1. Propayl Ng Mga Tagatugon Ayon Sa Antas Ng Antas Ng Edukasyon, Posisyon, Habang ng Serbisyo, Antas Ng Baitang Na Tinuturuan, at Lokasyon.

Propayl	Bilang	Deskripsyon
Antas ng Edukasyon		
Bachelors Degree	99	52.1
Masters Degree (Units o Graduate)	82	43.2
Doctorate (Units o Graduate)	9	4.7
Posisyon		
Teacher I – III	161	84.7
Master Teacher I – IV	29	15.3
Haba ng Serbisyo		
10 Taon Pababa	130	68.4
11 Taon Pataas	60	31.6
Antas ng Baitang na Tinuturuan		
Grade 7–8	99	52.1
Grade 9-10	91	47.9
Lokasyon		
District 1	24	12.6
Lapuz	23	12.1
Lapaz	24	12.6
Jaro	26	13.7
Mandurriao	24	12.6
Molo	22	11.6
Arevalo	24	12.6
Villa Arevalo	23	12.1
Kabuuan	190	100.0

Lawak Ng Implementasyon Ng Academic Recovery And Accessible Learning (ARAL) Program Kung Itatasa Ng Tagatugon Sa Kabuuan

Batay sa Talahanayan 2, ang lawak ng implementasyon ng Academic Recovery and Accessible Learning (ARAL) Program na itinatasa ng mga tagatugon sa kabuuan ay may kabuuang mean na 4.40 na may deskripsiyong *Napakataas*. Ipinapakita nito na sa pangkalahatan, lubos na naipatutupad ang ARAL Program sa mga pampublikong paaralan sa Ilocos City, at positibo ang pananaw ng mga guro sa iba't ibang aspeto ng programa. Kabilang sa mga may pinakamataas na mean ay ang malinaw na layunin ng ARAL Program sa pagtuturo ng Filipino (M=4.68), positibong epekto sa pangkalahatang performans ng mga mag-aaral (M=4.65), at malaking ambag nito sa pagpapabuti ng kakayahang literasiya sa Filipino (M=4.60). Ipinapahiwatig nito na malinaw ang direksyon ng programa at kinikilala ng mga guro ang kahalagahan nito sa akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral. Mataas din ang pagtatasa sa suporta ng administrasyon (M=4.56) at mekanismong pagsubaybay at ebalwasyon (M=4.48), na nagpapakita ng matibay na institusyonal na suporta sa implementasyon ng ARAL Program. Samantala, bahagyang mas mababa ngunit nasa kategoryang *Napakataas* pa rin ang mga aytem tulad ng pagtaas ng interes ng mga mag-aaral (M=4.14), pagtukoy sa mga mag-aaral na nangangailangan ng tulong (M=4.22), at pagkakaroon ng sapat na kagamitang pampagtuturo (M=4.25), na nagpapahiwatig na bagama't epektibo ang programa, may mga aspeto pa ring maaaring higit pang mapabuti, partikular sa motivation at resources.

Ang resulta ay umaayon sa mga kaugnay na dayuhang pag-aaral na nagsasaad ng epektibidad ng sistematikong interbensyon sa pagkatuto. Ayon kina Szabo, Stranovska, at Ficzer (2022), ang sistematikong interbensyon sa pagbasa ay epektibong nakapagpapataas ng kakayahan sa pag-unawa ng teksto, na katulad ng natuklasan sa ARAL Program na nakatutulong ito sa pagpapabuti ng literasi sa Filipino. Gayundin, ipinakita nina Moghadam, Narafshan, at Tajadini (2023) na ang mga intervention program ay hindi lamang nakapagpapabuti ng academic performance kundi maging ng classroom climate at motivation ng mga mag-aaral, na sumasalamin sa mataas na mean ng ARAL Program sa aspeto ng motibasyon at interes ng mga mag-aaral.

Dagdag pa rito, sinusupportahan din ito ng meta-analysis nina Shin at Kim (2024) na nagsasaad na ang mga interbensyon sa pagbasa ay may positibong epekto sa affective at performance domains, na kapareho ng resulta ng ARAL Program sa pagpapakita ng pag-unlad ng mga mag-aaral at pagtaas ng kanilang akademikong performance. Gayundin, binigyang-diin nina Carter et al. (2024) ang kahalagahan ng estratehiya sa pagbasa,

pagsasanay ng guro, at sapat na resources bilang susi sa matagumpay na interbensyon, na tumutugma sa natuklasang mataas na antas ng implementasyon sa suporta ng administrasyon at mekanismong ebalwasyon. Samantala, ayon kina Sangers et al. (2025), ang structured reading programs ay epektibo sa pagpapahusay ng kasanayan sa wika, lalo na kung may gabay at maayos na implementasyon, na malinaw na makikita rin sa mataas na pagtatasa ng ARAL Program.

Sa lokal na konteksto, sinusupportahan ito ng pag-aaral ni Honra (2023) na nagbigay-diin sa kahalagahan ng tuloy-tuloy na implementasyon, kolaborasyon, at capacity-building upang mapanatili ang tagumpay ng mga programang pang-edukasyon tulad ng ARAL. Gayundin, ipinakita ni Dayag (2022) na ang paggamit ng inobatibong estratehiya tulad ng E-ARAL ay nakapagpapataas ng pagkatuto ng mga mag-aaral, na kaayon ng mataas na antas ng implementasyon ng ARAL Program. Dagdag pa rito, binigyang-diin nina Sison et al. (2023) ang kahalagahan ng teknolohiya at episyenteng paghahatid ng aralin upang mapahusay ang access at kalidad ng pagkatuto, na sumusuporta sa positibong implementasyon ng ARAL Program sa kasalukuyang pag-aaral.

Talahanayan 2. Lawak Ng Implementasyon Ng Academic Recovery And Accessible Learning (ARAL) Program Kung Itatasa Ng Tagatugon Sa Kabuuan.

Aytems	Mean	Deskripsyon
1. Malinaw ang layunin ng ARAL Program sa pagtuturo ng Filipino.	4.68	Napakataas
2. Ang mga gawain sa ARAL Program ay angkop sa kakayahan ng mga mag-aaral.	4.39	Napakataas
3. Sistematikong naisasagawa ang remedial at recovery sessions.	4.24	Napakataas
4. May sapat na kagamitang pampagtuturo at resources ang ARAL Program.	4.25	Napakataas
5. Epektibo ang paggamit ng oras sa bawat session ng ARAL Program.	4.38	Napakataas
6. Nakakatulong ang ARAL Program sa pagtukoy ng mga mag-aaral na nangangailangan ng karagdagang tulong.	4.22	Napakataas
7. Ang mga guro ay regular na sumusubaybay at nagbibigay ng pidbak sa mga mag-aaral.	4.44	Napakataas
8. Ang ARAL Program ay nakapagpapataas ng interes ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.	4.14	Napakataas
9. Ang mga hakbang sa ARAL Program ay madaling ipatupad sa klase.	4.26	Napakataas
10. Nakikita ko ang pag-unlad ng mag-aaral dahil sa ARAL Program.	4.46	Napakataas
11. Ang ARAL Program ay nakatutulong sa pagpapabuti ng kakayahang literasiya sa Filipino.	4.60	Napakataas
12. Ang mga mag-aaral ay may motibasyon dahil sa ARAL Program.	4.23	Napakataas
13. Suportado ng administrasyon ang implementasyon ng ARAL Program.	4.56	Napakataas
14. May malinaw na pagsubaybay at mekanismong ebalwasyon ang ARAL Program.	4.48	Napakataas
15. Ang ARAL Program ay may positibong epekto sa pangkalahatang performans sa akademiko ng mga mag-aaral sa Filipino.	4.65	Napakataas
Kabuuan	4.40	Napakataas

Iskala: 4.21 – 5.00 Napakataas (NT), 3.41 – 4.20 Mataas (M), 2.61 – 3.40 Katamtaman (K), 1.81 – 2.60 Mababa (M), 1.00 – 1.80 Napakababa (NB)

Lawak Ng Implementasyon Ng Academic Recovery And Accessible Learning (ARAL) Program ayun sa Antas Ng Edukasyon, Posisyon, Haba Ng Serbisyo, Antas Ng Baitang Na Tinuturuan, at Lokasyon

Batay sa antas ng edukasyon, pinakamataas ang mean ng mga gurong may Bachelors Degree na may 4.46 na may deskripsyong “Napakataas,” sinundan ng mga may Masters Degree (Units o Graduate) na may 4.37, habang pinakamababa naman ang mga may Doctorate (Units o Graduate) na may 4.02 na may deskripsyong “Mataas.” Ipinapakita nito na mas mataas ang pagtataya ng mga gurong may mababang antas ng edukasyon hinggil sa implementasyon ng ARAL Program kumpara sa mga may mas mataas na antas ng pag-aaral. Sa kasalukuyang posisyon, kapwa “Napakataas” ang pagtataya ng Teacher I–III at Master Teacher I–IV na may mean na 4.40 at 4.39, na nagpapahiwatig ng halos magkaparehong pananaw hinggil sa lawak ng implementasyon ng programa. Batay naman sa haba ng serbisyo, mas mataas nang bahagya ang mean ng mga gurong may 10 taon pababa na serbisyo na may 4.39 kumpara sa mga may 11 taon pataas na may 4.36, na parehong may deskripsyong “Napakataas.” Sa antas ng baitang na tinuturuan, mas mataas ang mean ng mga gurong nagtuturo sa Grade 9–10 na may 4.42 kaysa sa Grade 7–8 na may 4.38, na nagpapakita ng mas positibong pagtataya mula sa mga gurong nagtuturo sa mas mataas na baitang. Samantala, batay sa lokasyon, pinakamataas ang mean ng Jaro na may 4.43, sinundan ng Arevalo at Lapuz na may 4.42 at 4.41, samantalang pinakamababa naman ang Villa Arevalo na may 4.38. Gayunpaman, lahat ng lokasyon ay nakapagtala pa rin ng deskripsyong “Napakataas,” na nagpapahiwatig ng malawak at matagumpay na implementasyon ng ARAL Program sa iba’t ibang distrito.

Ipinapakita ng resulta na matagumpay at malawakang naipatutupad ang ARAL Program sa iba’t ibang paaralan at pangkat ng mga guro, anuman ang kanilang propayl. Gayunpaman, ipinahihiwatig din nito na maaaring may pagkakaiba sa pananaw at antas ng pamantayan ng pagtataya ng mga guro, lalo na ng mga may mas mataas na antas ng edukasyon, kaya mahalagang mapanatili ang tuloy-tuloy na monitoring at pagpapahusay ng implementasyon ng programa.

Ang napakataas na pagtataya sa implementasyon ng ARAL Program ay nagpapakita na naging epektibo ang mga estratehiya at interbensyong ipinatupad upang matugunan ang learning gaps at mapalawak ang accessibility ng edukasyon sa mga mag-aaral. Ang mataas na mean ng mga guro mula sa Jaro, Grade 9–10, at Arevalo ay nagpapahiwatig na mahusay na

naisasagawa ang mga programang pang-akademiko sa mga lugar at antas na ito, marahil dahil sa sapat na suporta ng paaralan, administrasyon, at mga kagamitang panturo. Ayon sa Department of Education (2024), mahalaga ang maayos na implementasyon ng mga recovery program upang mapanatili ang kalidad ng pagkatuto at matugunan ang epekto ng learning loss sa mga mag-aaral. Dagdag pa rito, binigyang-diin ng UNESCO (2023) na ang matagumpay na learning recovery initiatives ay nakasalalay sa pakikiisa ng mga guro, administrasyon, at komunidad upang matiyak ang inklusibo at dekalidad na edukasyon. Samantala, ang bahagyang mababang mean ng mga may Doctorate degree ay maaaring dulot ng kanilang mas mataas na pamantayan at mas kritikal na pananaw sa implementasyon ng mga programang pang-edukasyon. Sinusuportahan ito nina Linda Darling-Hammond at Cook-Harvey (2021) na nagsasabing ang mga gurong may mataas na antas ng edukasyon ay karaniwang may mas malalim na pagsusuri at mas mataas na inaasahan sa kalidad ng implementasyon ng mga programang pang-akademiko.

Talahanayan 3. Lawak Ng Implementasyon Ng Academic Recovery And Accessible Learning (ARAL) Program Kung Itatasa Ng Tagatugon Batay Sa Antas Ng Edukasyon, Posisyon, Habang ng Serbisyo, Antas Ng Baitang Na Tinuturuan, at Lokasyon.

Propayl	mean	Deskripsyon
Antas ng Edukasyon		
Bachelors Degree	4.46	Napakataas
Masters Degree (Units o Graduate)	4.37	Napakataas
Doctorate (Units o Graduate)	4.02	Mataas
Kasalukuyang Posisyon		
Teacher I – III	4.40	Napakataas
Master Teacher I – IV	4.39	Napakataas
Haba ng Serbisyo		
10 Taon Pababa	4.39	Napakataas
11 Taon Pataas	4.36	Napakataas
Antas ng Baitang na Tinuturuan		
Grade 7–8	4.38	Napakataas
Grade 9-10	4.42	Napakataas
Lokasyon		
District 1	4.39	Napakataas
Lapuz	4.41	Napakataas
Lapaz	4.40	Napakataas
Jaro	4.43	Napakataas
Mandurriao	4.40	Napakataas
Molo	4.39	Napakataas
Arevalo	4.42	Napakataas
Villa Arevalo	4.38	Napakataas
Kabuuan	4.40	Napakataas

Iskala: 4.21 – 5.00 Napakataas (NT), 3.41 – 4.20 Mataas (M), 2.61 – 3.40 Katamtaman (K), 1.81 – 2.60 Mababa (M), – 1.80 Napakababa (NB).

Pagganap Ng Mga Mag-Aaral Sa Asignaturang Filipino Kung Itatasa Ng Tagatugon Sa Kabuuan At Kung Ibatatay Ayon Sa Kasalukuyang Posisyon, Habang Ng Serbisyo, At Antas Ng Baitang Na Tinuturuan

Batay sa antas ng edukasyon, pinakamataas ang mean ng mga gurong may Masters Degree (Units o Graduate) at Doctorate (Units o Graduate) na kapwa may mean na 85.7 na may deskripsyong “Napakasiyasiya,” samantalang pinakamababa naman ang mga may Bachelors Degree na may mean na 84.9 na may deskripsyong “Kasiya-siya.” Ipinapakita nito na mas mataas ang pagtataya ng mga gurong may mas mataas na antas ng edukasyon hinggil sa pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Sa kasalukuyang posisyon, mas mataas ang mean ng Teacher I–III na may 85.3 na may deskripsyong “Napakasiyasiya” kumpara sa Master Teacher I–IV na may 84.5 na may deskripsyong “Kasiya-siya.” Batay naman sa habang ng serbisyo, halos magkapareho ang mean ng mga gurong may 10 taon pababa na serbisyo na may 85.3 at ng mga may 11 taon pataas na may 85.2, na parehong may deskripsyong “Napakasiyasiya,” na nagpapakita ng pare-parehong pananaw hinggil sa pagganap ng mga mag-aaral. Sa antas ng baitang na tinuturuan, mas mataas ang mean ng Grade 7–8 na may 85.4 na may deskripsyong “Napakasiyasiya” kumpara sa Grade 9–10 na may 85.0 na may deskripsyong “Kasiya-siya.” Samantala, batay sa lokasyon, pinakamataas ang mean ng Villa Arevalo na may 86.5, sinundan ng Arevalo na may 85.7 at Lapaz na may 85.0, na pawang may deskripsyong “Napakasiyasiya.” Sa kabilang banda, pinakamababa ang Lapuz na may mean na 83.3 na may deskripsyong “Kasiya-siya.” Gayunpaman, ipinapakita ng kabuuang mean na 85.2 na “Napakasiyasiya” ang pangkalahatang pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

Ipinahihiwatig ng resulta na nananatiling mataas at kasiya-siya ang pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa iba’t ibang pangkat ng mga tagatugon at lokasyon. Gayunpaman, ipinapakita rin nito na maaaring may impluwensiya ang antas ng edukasyon ng guro, karanasan, at lokasyon ng paaralan sa pagtataya sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

Ang napakasiyang antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino ay nagpapakita na epektibong naipatatupad ang mga estratehiya sa pagtuturo at mga programang pang-akademiko na sumusuporta sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang mas mataas na mean mula sa mga gurong may Masters at Doctorate degree ay maaaring nagpapahiwatig ng mas

malalim na pag-unawa at paggamit ng mas epektibong pedagogical approaches sa pagtuturo ng Filipino. Ayon sa Department of Education (2024), mahalaga ang mataas na kalidad ng pagtuturo at patuloy na propesyonal na pag-unlad ng mga guro upang mapanatili ang mahusay na pagganap ng mga mag-aaral. Dagdag pa rito, binigyang-diin ng UNESCO (2023) na ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral ay naaapektuhan ng kalidad ng instruksyon, learning environment, at suporta ng paaralan. Samantala, ipinakita nina Linda Darling-Hammond at Oakes (2021) na ang kahandaan at kakayahang propesyonal ng mga guro ay may malaking impluwensiya sa akademikong tagumpay ng mga mag-aaral, lalo na sa mga asignaturang nangangailangan ng mataas na antas ng komunikasyon at pag-unawa tulad ng Filipino.

Talahanayan 4. Pagganap Ng Mga Mag-Aaral Sa Asignaturang Filipino Kung Itatasa Ng Tagatugon Sa Kabuuan At Kung Iabatay Ayon Sa Antas Ng Edukasyon, Posisyon, Habang ng Serbisyo, Antas Ng Baitang Na Tinuturuan, at Lokasyon.

Propayl	mean	Deskripsyon
Antas ng Edukasyon		
Bachelors Degree	84.9	Kasiya-siya
Masters Degree (Units o Graduate)	85.7	Napakasiyasiya
Doctorate (Units o Graduate)	85.7	Napakasiyasiya
Kasalukuyang Posisyon		
Teacher I – III	85.3	Napakasiyasiya
Master Teacher I – IV	84.5	Kasiya-siya
Haba ng Serbisyo		
10 Taon Pababa	85.3	Napakasiyasiya
11 Taon Pataas	85.2	Napakasiyasiya
Antas ng Baitang na Tinuturuan		
Grade 7–8	85.4	Napakasiyasiya
Grade 9-10	85.0	Kasiya-siya
Lokasyon		
District 1	84.1	Kasiya-siya
Lapuz	83.3	Kasiya-siya
Lapaz	85.0	Napakasiyasiya
Jaro	83.6	Kasiya-siya
Mandurriao	84.0	Kasiya-siya
Molo	83.6	Kasiya-siya
Arevalo	85.7	Napakasiyasiya
Villa Arevalo	86.5	Napakasiyasiya
Kabuuan	85.2	Napakasiyasiya

Iskala: 90 – 100 (Namumukod-tangi), 85–89 (Napakasiyasiya), 80–84 (Kasiya-siya), 75 – 79 (Hindi Kasiya-siya), Mas mababa sa 75 (Hindi Umabot sa Inaasahan o Mahina)

Pagkakaiba Sa Lawak Ng Implementasyon Ng Academic Recovery And Accessible Learning (ARAL) Program Kung Itatasa Ng Tagatugon At Kung Ibabatay Ayon Sa Kasalukuyang Posisyon, Habang Ng Serbisyo, At Antas Ng Baitang Na Tinuturuan

Batay sa Talahanayan 5, ipinapakita ang pagkakaiba sa lawak ng implementasyon ng Academic Recovery and Accessible Learning (ARAL) Program ayon sa kasalukuyang posisyon, habang ng serbisyo, at antas ng baitang na tinuturuan ng mga tagatugon. Sa kasalukuyang posisyon, ang Teacher I–III ay may mean rank na 95.14 samantalang ang Master Teacher I–IV ay may mean rank na 97.52, na nagresulta sa u-value na 2276.0 at p-value na .830. Ipinapakita na hindi makabuluhan ang pagkakaiba, kaya't nangangahulugang ang kasalukuyang posisyon ng guro ay hindi nakaaapekto sa kanilang pagtatasa sa implementasyon ng ARAL Program.

Sa usapin ng habang ng serbisyo, ang mga gurong may mas maikling serbisyo ay nakakuha ng mean rank na 98.97, habang ang may mas mahabang serbisyo ay may 87.98, na may u-value na 3449.0 at p-value na .200. Bagama't may kaunting pagkakaiba sa mean rank, hindi pa rin ito makabuluhan, na nagpapahiwatig na ang habang ng serbisyo ay hindi nakaaapekto sa persepsyon ng mga guro sa implementasyon ng programa.

Samantala, batay sa antas ng baitang na tinuturuan, ang mga gurong nagtuturo ng mas mababang baitang ay may mean rank na 98.22 kumpara sa 92.54 ng mas mataas na baitang, na may u-value na 4235.5 at p-value na .477. Ipinapakita rin na walang makabuluhang pagkakaiba sa kanilang pagtatasa, kaya't ang antas ng baitang na tinuturuan ay hindi rin nakaaapekto sa pananaw ng mga guro sa implementasyon ng ARAL Program.

Sa kabuuan, ang lahat ng p-value na nakuha ay mas mataas sa 0.05 level of significance, kaya't lahat ng resulta ay itinuturing na *hindi makabuluhan*. Ibig sabihin, ang kasalukuyang posisyon, habang ng serbisyo, at antas ng baitang na tinuturuan ay walang makabuluhang pagkakaiba sa lawak ng implementasyon ng ARAL Program ayon sa mga tagatugon.

Ang resultang ito ay sumasang-ayon sa mga kaugnay na literatura na nagsasaad na ang epektibidad ng mga programang interbensyon ay hindi nag-iiba batay sa demograpikong katangian ng mga guro kapag ito ay sistematikong ipinatutupad. Ayon kina Carter et al. (2024), ang tagumpay ng reading intervention ay mas nakasalalay sa kalidad ng implementasyon, monitoring, at suporta ng institusyon kaysa sa propayl ng mga tagapagpatupad. Gayundin, binigyang-diin nina Shin at Kim (2024) na ang consistency ng instructional delivery at structured program design ay nagdudulot ng pantay-pantay na persepsyon sa bisa ng programa sa iba't ibang grupo ng guro.

Dagdag pa rito, ipinakita rin nina Sangers et al. (2025) na ang structured reading programs ay nagkakaroon ng pare-parehong epekto sa kabila ng pagkakaiba sa karanasan o posisyon ng guro, basta't ito ay maayos na naipatatupad. Sa lokal na konteksto, sinusupportahan din ito ng pag-aaral ni Santiago (2025) na nagsasaad na ang collaborative implementation at standardized monitoring tools ay nakatutulong upang maging consistent ang implementasyon ng mga programang tulad ng ARAL sa iba't ibang paaralan at antas ng guro.

Talahanayan 5. Pagkakaiba Sa Lawak Ng Implementasyon Ng Academic Recovery And Accessible Learning (ARAL) Program Kung Itatasa Ng Tagatugon At Kung Ibabatay Ayon Sa Kasalukuyang Posisyon, Haba Ng Serbisyo, At Antas Ng Baitang Na Tinuturuan.

Variables	Mean Rank	Sum of Ranks	ofu-value	p-value	Interpretasyon
Kasalukuyang Posisyon					
Teacher I – III	95.14	15317.0	2276.0	.830	Hindi Makabuluhan
Master Teacher I – IV	97.52	2828.0x			
Haba ng Serbisyo					
Teacher I – III	98.97	12866.0	3449.0	.200	Hindi Makabuluhan
Master Teacher I – IV	87.98	5279.0			
Antas Ng Baitang Na Tinuturuan ng Serbisyo					
10 Taon Pababa	98.22	9723.5	4235.5	.477	Hindi Makabuluhan
11 Taon Pataas	92.54	8421.5			

Pagkakaiba Sa Lawak Ng Implementasyon Ng Academic Recovery And Accessible Learning (ARAL) Program Kung Itatasa Ng Tagatugon At Kung Ibabatay Ayon Sa Antas Ng Edukasyon

Makikita sa Talahanayan 6 na may makabuluhang pagkakaiba sa lawak ng implementasyon ng Academic Recovery and Accessible Learning (ARAL) Program kapag inuri ayon sa antas ng edukasyon ng mga tagatugon, sapagkat nakakuha ito ng H-value na 9.627 at p-value na 0.008 na mas mababa sa itinakdang antas ng kahalagahan na 0.05. Ipinapakita rin ng mean rank na pinakamataas ang mga gurong may Bachelors Degree na may 105.86, sinundan ng mga may Masters Degree na may 87.10, habang pinakamababa naman ang mga may Doctorate degree na may 58.11. Nangangahulugan ito na nagkakaiba ang pananaw ng mga guro hinggil sa lawak ng implementasyon ng ARAL Program batay sa kanilang antas ng edukasyon. Dahil dito, ang null hypothesis na nagsasabing “walang makabuluhang

pagkakaiba sa lawak ng implementasyon ng ARAL Program ayon sa antas ng edukasyon” ay nirereject. Samantala, batay naman sa lokasyon, nakapagtala ito ng H-value na 2.361 at p-value na 0.634 na mas mataas sa 0.05 na antas ng kahalagahan, kaya’t walang makabuluhang pagkakaiba sa pagtataya ng mga tagatugon ayon sa lokasyon. Ipinapakita nito na halos magkakatulad ang pananaw ng mga guro mula sa iba’t ibang distrito hinggil sa implementasyon ng ARAL Program. Dahil dito, ang null hypothesis na nagsasabing “walang makabuluhang pagkakaiba sa lawak ng implementasyon ng ARAL Program ayon sa lokasyon” ay hindi nirereject.

Ipinahihiwatig ng resulta na ang antas ng edukasyon ng mga guro ay may impluwensiya sa kanilang pananaw hinggil sa implementasyon ng ARAL Program, lalo na sa paraan ng pagsusuri at pagtingin nila sa kalidad ng pagpapatupad nito. Samantala, ang kawalan ng makabuluhang pagkakaiba ayon sa lokasyon ay nagpapakita na pare-pareho at pantay ang implementasyon ng programa sa iba’t ibang distrito ng paaralan.

Ang pagkakaroon ng makabuluhang pagkakaiba ayon sa antas ng edukasyon ay nagpapakita na ang propesyonal na kahandaan at akademikong background ng mga guro ay maaaring makaapekto sa kanilang pananaw at pagsusuri sa implementasyon ng mga programang pang-edukasyon. Ang mas mataas na mean rank ng mga gurong may Bachelors Degree ay maaaring nagpapahiwatig ng mas positibong pananaw nila sa implementasyon ng ARAL Program, samantalang ang mga gurong may mas mataas na antas ng edukasyon ay maaaring may mas kritikal at masusing pamantayan sa pagtataya. Ayon sa Linda Darling-Hammond (2021), ang antas ng propesyonal na kaalaman at akademikong paghahanda ng mga guro ay may impluwensiya sa kanilang pagtingin 14istrit at kalidad ng mga programang pang-edukasyon. Dagdag pa rito, binigyang-diin ng UNESCO (2023) na mahalaga ang propesyonal na kakayahan ng mga guro sa matagumpay na implementasyon at pagsusuri ng mga learning recovery programs. Samantala, ang kawalan ng makabuluhang pagkakaiba ayon sa lokasyon ay nagpapakita na 14istrit pantay at pare-pareho ang pagpapatupad ng ARAL Program sa iba’t ibang 14istrito. Sinusuportahan ito ng Department of Education (2024) na nagsasabing ang standardisadong implementasyon ng mga programang pang-edukasyon ay mahalaga upang matiyak ang pantay na oportunidad sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa iba’t ibang paaralan at komunidad.

Talahanayan 6. Pagkakaiba Sa Lawak Ng Implementasyon Ng Academic Recovery And Accessible Learning (ARAL) Program Kung Itatasa Ng Tagatugon At Kung Ibabatay Ayon Sa Antas Ng Edukasyon at Lokasyon.

Variables	Mean Rank	H-value	p-value	Interpretasyon
Antas ng Edukasyon				
Bachelors Degree	105.86	9.627	0.008	Makabuluhan
Masters Degree	87.1			
Doctorate	58.11			
Lokasyon				
District 1	84.1	2.361	0.634	Hindi Makabuluhan
Lapuz	83.3			
Lapaz	85.0			
Jaro	83.6			
Mandurriao	84.0			
Molo	83.6			
Arevalo	85.7			
Villa Arevalo	86.5			

Pagkakaiba Sa Pagganap Ng Mga Mag-Aaral Sa Asignaturang Filipino Kung Itatasa Ng Tagatugon At Kung Ibabatay Ayon Sa Kasalukuyang Posisyon, Habang Ng Serbisyo, At Antas Ng Baitang Na Tinuturuan

Batay sa Talahanayan 7, ipinapakita ang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino batay sa pagtatasa ng mga tagatugon ayon sa kanilang kasalukuyang posisyon, habang ng serbisyo, at antas ng baitang na tinuturuan. Sa kasalukuyang posisyon, ang mga Teacher I–III ay may mean rank na 97.62 habang ang Master Teacher I–IV ay may 83.71, na may u-value na 1992.5 at p-value na .155. Sa habang ng serbisyo, ang mga gurong may 10 taon pababa ay nakakuha ng mean rank na 99.89 kumpara sa 90.72 ng may 11 taon pataas, na may p-value na .193. Samantala, batay sa antas ng baitang na tinuturuan, ang 10 taon pababa ay may mean rank na 93.20 at ang 11 taon pataas ay may 100.48, na may p-value na .337.

Ipinapakita ng lahat ng resulta na ang mga p-value ay mas mataas sa 0.05 level of significance, kaya't lahat ng pagkakaiba ay itinuturing na *hindi makabuluhan*. Ibig sabihin, walang makabuluhang pagkakaiba sa pagtatasa ng pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino kapag pinangkat ayon sa kasalukuyang posisyon, habang ng serbisyo, at antas ng baitang na tinuturuan ng mga guro.

Ang resulta ay nagpapahiwatig na ang persepsyon ng mga guro sa pagganap ng mga mag-aaral ay pare-pareho sa iba't ibang propayl, at hindi ito naaapektuhan ng kanilang posisyon, karanasan sa pagtuturo, o antas ng baitang na kanilang hinahawakan. Ipinapakita nito na ang pagtatasa sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral ay nagiging konsistent sa loob ng institusyon, na maaaring dahil sa pare-parehong pamantayan sa pagmamarka at implementasyon ng kurikulum sa asignaturang Filipino.

Ang kinalabasan na ito ay sumusuporta sa mga kaugnay na literatura na nagsasaad na ang academic performance outcomes ay kadalasang hindi nagkakaiba-iba batay sa propayl ng mga guro kapag may standardized na implementasyon ng instructional program. Ayon kina Carter et al. (2024), ang consistency ng instructional practices at assessment tools ay nagdudulot ng pare-parehong interpretasyon ng student performance sa iba't ibang grupo ng guro. Gayundin, binigyang-diin nina Shin at Kim (2024) na ang epekto ng structured intervention programs sa academic performance ay nagiging pantay-pantay anuman ang antas ng guro, dahil ang mga resulta ay higit na nakabatay sa disenyo ng programa kaysa sa personal na katangian ng tagatasa.

Talahanayan 7. Pagkakaiba Sa Pagganap Ng Mga Mag-Aaral Sa Asignaturang Filipino Kung Itatasa Ng Tagatugon At Kung Ibatatay Ayon Sa Kasalukuyang Posisyon, Haba Ng Serbisyo, At Antas Ng Baitang Na Tinuturuan.

Variables	Mean Rank	Sum of Ranks	ofu-value	p-value	Interpretasyon
Kasalukuyang Posisyon					
Teacher I – III	97.62	15717.5	1992.5	.155	Hindi Makabuluhan
Master Teacher I – IV	83.71	2427.5			
Antas Ng Baitang Na Tinuturuan ng Serbisyo					
10 Taon Pababa	93.20	12116.00	3601.0	.337	Hindi Makabuluhan
11 Taon Pataas	100.48	6029.0			
Haba ng Serbisyo					
10 Taon Pababa	99.89	9889.5	4069.5	.193	Hindi Makabuluhan
11 Taon Pataas	90.72	8255.5			

Pagkakaiba Sa Pagganap Ng Mga Mag-Aaral Sa Asignaturang Filipino Kung Itatasa Ng Tagatugon At Kung Ibatatay Ayon Sa Ayon Sa Antas Ng Edukasyon at lokasyon.

Makikita sa Talahanayan 8 na walang makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino kapag inuri ayon sa antas ng edukasyon ng mga tagatugon, sapagkat nakakuha ito ng H-value na 1.171 at p-value na 0.557 na mas mataas sa itinakdang antas ng kahalagahan na 0.05. Ipinapakita ng mean rank na pinakamataas ang mga may Doctorate degree na may 102.17, sinundan ng mga may Masters Degree na may 99.12, habang pinakamababa naman ang mga may Bachelors Degree na may 91.89. Gayunpaman, ang pagkakaibang ito ay hindi sapat upang maituring na makabuluhan. Dahil dito, ang null hypothesis na nagsasabing “walang makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-

aaral sa asignaturang Filipino ayon sa antas ng edukasyon” ay hindi nirereject. Samantala, batay naman sa lokasyon, nakapagtala ito ng H-value na 1.891 at p-value na 0.524 na mas mataas din sa 0.05 na antas ng kahalagahan, kaya’t walang makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral ayon sa lokasyon ng paaralan. Bagama’t may bahagyang pagkakaiba sa mean rank kung saan pinakamataas ang Arevalo na may 103.72 at pinakamababa ang Lapuz na may 100.79, nananatiling hindi makabuluhan ang pagkakaibang ito. Dahil dito, ang null hypothesis na nagsasabing “walang makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino ayon sa lokasyon” ay hindi nirereject.

Ipinahihiwatig ng resulta na pare-pareho ang pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino anuman ang antas ng edukasyon ng mga guro at lokasyon ng paaralan. Ipinapakita rin nito na maaaring naging pantay ang implementasyon ng mga estratehiya sa pagtuturo at mga programang pang-akademiko sa iba’t ibang paaralan at distrito.

Ang kawalan ng makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral ayon sa antas ng edukasyon ng mga guro ay nagpapakita na nagiging pare-pareho ang kalidad ng pagtuturo at pagkatuto sa asignaturang Filipino sa iba’t ibang antas ng propesyonal na paghahanda ng mga guro. Maaaring ito ay bunga ng pagkakaroon ng iisang curriculum guide, pamantayan sa pagtuturo, at mga programang pang-edukasyon na sinusunod ng mga paaralan. Ayon sa Department of Education (2024), ang pagpapatupad ng standardized curriculum at learning competencies ay mahalaga upang mapanatili ang pantay na kalidad ng edukasyon sa lahat ng paaralan. Dagdag pa rito, binigyang-diin ng UNESCO (2023) na ang pantay na oportunidad sa pagkatuto ay nagreresulta sa mas magkakatulad na akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa iba’t ibang konteksto ng paaralan. Samantala, ipinakita nina John Hattie at Donoghue (2021) na ang pagganap ng mga mag-aaral ay hindi lamang nakabatay sa antas ng edukasyon ng guro kundi pati na rin sa kalidad ng pagtuturo, suporta ng paaralan, at aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa proseso ng pagkatuto.

Talahanayan 8. Pagkakaiba Sa Pagganap Ng Mga Mag-Aaral Sa Asignaturang Filipino Kung Itatasa Ng Tagatugon At Kung Ibabatay Ayon Sa Ayon Sa Antas Ng Edukasyon at Lokasyon.

Variables	Mean Rank	H-value	p-value	Interpretasyon
Antas ng Edukasyon				
Bachelors Degree	91.89	1.171	0.557	Hindi Makabuluhan
Masters Degree	99.12			
Doctorate	102.17			
Lokasyon				
District 1	101.79	1.891	0.524	Hindi Makabuluhan
Lapuz	100.79			
Lapaz	102.80			
Jaro	101.11			
Mandurriao	101.63			
Molo	101.20			
Arevalo	103.72			

Kaugnayan Sa Implementasyon Ng Academic Recovery And Accessible Learning (ARAL) Program At Pagganap Ng Mga Mag-Aaral Sa Asignaturang Filipino

Batay sa Talahanayan 9, ipinapakita ang kaugnayan sa pagitan ng implementasyon ng Academic Recovery and Accessible Learning (ARAL) Program at ng pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Makikita na ang nakuha na r-value ay .538 na may p-value na .000, na mas mababa sa 0.05 level of significance, kaya't ang ugnayan ay itinuturing na *makabuluhan*. Ipinapahiwatig nito na may katamtamang positibong ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol, kung saan habang tumataas ang antas ng implementasyon ng ARAL Program, tumataas din ang pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino.

Ibig sabihin, ang epektibong pagpapatupad ng ARAL Program ay may kaugnayan sa mas mataas na antas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ang resultang ito ay nagpapakita na ang mga estratehiya, gawain, at mekanismong nakapaloob sa ARAL Program ay may direktang kontribusyon sa pagpapabuti ng learning outcomes sa asignaturang Filipino.

Ang kinalabasan na ito ay sinusuportahan ng mga kaugnay na literatura na nagsasaad na ang mga sistematikong intervention program ay may positibong epekto sa academic achievement. Ayon kina Szabo, Stranovska, at Ficzer (2022), ang structured reading intervention ay nakapagpapataas ng kakayahan sa pag-unawa ng mga mag-aaral, na direktang nakaaapekto sa kanilang akademikong pagganap. Gayundin, binigyang-diin nina Moghadam, Narafshan, at Tajadini (2023) na ang implementasyon ng intervention programs ay may positibong epekto

hindi lamang sa cognitive skills kundi pati na rin sa overall academic performance ng mga mag-aaral.

Dagdag pa rito, ipinakita nina Shin at Kim (2024) sa kanilang meta-analysis na ang mga reading intervention ay may makabuluhang epekto sa learner achievement sa iba't ibang aspeto ng language learning, na sumusuporta sa natuklasang ugnayan sa kasalukuyang pag-aaral. Sa lokal na konteksto, binigyang-diin din nina Dayag (2022) na ang paggamit ng inobatibong estratehiya sa ARAL-based interventions ay nakatutulong sa pagpapabuti ng kasanayan sa Filipino, na nagreresulta sa mas mataas na academic performance.

Talahanayan 9. Kaugnayan Sa Implementasyon Ng Academic Recovery And Accessible Learning (ARAL) Program At Pagganap Ng Mga Mag-Aaral Sa Asignaturang Filipino.

Variables		Implementasyon Ng ARAL Program	Pagganap Ng Mga Mag-Aaral Sa Asignaturang Filipino
Implementasyon Ng ARAL Program	r-value		.538
	p-value		.000
	remarks		Makabuluhan
Pagganap Ng Mga Mag-Aaral Sa Asignaturang Filipino	r-value	.538	
	p-value	.000	
	remarks	Makabuluhan	

Mga Konklusyon

1. Batay sa natuklasan, ang mga tagatugon ay karamihang mga gurong may Bachelors Degree, nasa posisyong Teacher I–III, may 10 taon pababa na haba ng serbisyo, at nagtuturo sa Grade 7–8, na nagpapakita na ang karamihan sa mga kalahok ay nasa maagang yugto pa lamang ng kanilang propesyonal na karera sa pagtuturo.
2. Napag-alaman na napakataas ang lawak ng implementasyon ng Academic Recovery and Accessible Learning (ARAL) Program sa kabuuan at sa lahat ng baryabol, na nagpapahiwatig na epektibo at malawakang naipatutupad ang programa sa iba't ibang paaralan anuman ang propayl ng mga guro.
3. Natuklasan na napakasiyasiya ang pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa kabuuan at sa karamihan ng mga baryabol, na nagpapakita na nananatiling mataas ang antas ng akademikong pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.
4. Natuklasan na walang makabuluhang pagkakaiba sa lawak ng implementasyon ng ARAL Program kapag inuri ayon sa posisyon, haba ng serbisyo, antas ng baitang na tinuturuan, at lokasyon ng paaralan, subalit may makabuluhang pagkakaiba ayon sa antas ng edukasyon,

na nagpapahiwatig na ang antas ng akademikong paghahanda ng guro ay maaaring makaapekto sa kanilang pananaw sa implementasyon ng programa.

5. Napag-alaman na walang makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino kapag inuri ayon sa antas ng edukasyon, posisyon, haba ng serbisyo, antas ng baitang na tinuturuan, at lokasyon ng paaralan, na nagpapakita ng pagkakaparepareho sa kalidad ng pagkatuto at implementasyon ng pagtuturo sa iba't ibang pangkat ng mga guro at paaralan.
6. Natuklasan na may makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng implementasyon ng Academic Recovery and Accessible Learning (ARAL) Program at pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino, na nagpapahiwatig na habang mas mataas ang antas ng implementasyon ng programa ay mas mataas din ang antas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino.

Mga Rekomendasyon

Iminumungkahi na ipagpatuloy at lalo pang paghusayin ang implementasyon ng ARAL Program upang mapanatili ang mataas na antas ng epektibidad nito sa mga paaralan.

1. Paigtingin ang mga mekanismo ng pagsubaybay at ebalwasyon ng ARAL Program upang matiyak ang tuloy-tuloy na pagpapabuti ng pagpapatupad nito.
2. Magbigay ng karagdagang pagsasanay at capacity-building activities para sa mga guro, lalo na sa mga may mas mababang antas ng edukasyon, upang mapataas pa ang kalidad ng implementasyon.
3. Hikayatin ang pagbabahagi ng best practices sa pagitan ng mga guro upang higit na mapalakas ang mga estratehiya sa pagpapatupad ng programa.
4. Dahil sa positibong kaugnayan ng ARAL Program at pagganap ng mga mag-aaral, dapat higit pang palakasin ang mga interbensyon tulad ng remedial at recovery sessions sa asignaturang Filipino.
5. Iminumungkahi na panatilihin ang pokus sa pagpapabuti ng implementasyon ng programa sa halip na ituon sa propayl ng guro, dahil napatunayang hindi ito gaanong nakaaapekto sa pagganap ng mga mag-aaral.
6. Magsagawa pa ng mga susunod na pag-aaral na sasaklaw sa iba pang posibleng salik gaya ng socio-ekonomikong kalagayan ng mga mag-aaral, suporta ng magulang, at paggamit ng makabagong teknolohiya upang mas mapalawak ang pag-unawa sa epekto ng ARAL Program.

Talasanggunian

1. ARAL Program Definition. Department of Education. (2024). *Policy guidelines on classroom assessment for the K to 12 Basic Education Program*. DepEd. Retrieved from <https://www.deped.gov.ph>
2. Bajo, A. F. (2025, September 13). *DepEd launches ARAL program to address learning crisis*. GMA Integrated News. <https://www.gmanetwork.com/news/topstories/nation/959023/deped-aral-program-learning-crisis/story/>
3. Carter, J., Podpadec, T., Pillay, P., Babayiğit, S., & Gazu, K. A. (2024). A systematic review of the effectiveness of reading comprehension interventions in the South African multilingual context. *Educational Research and Evaluation*, 29(1–2), 69–103. <https://doi.org/10.1080/13803611.2024.2314522>
4. Cherry, K. (2025, October 9). *What is sociocultural theory?* Verywell Mind. <https://www.verywellmind.com/what-is-sociocultural-theory-2795088>
5. Dalauta, J. M., Ferenal, E. S., & Comon, J. D. (2024). *Factors affecting learners' academic performance in selected districts, Division of Gingoog City*. [https://doi.org/10.59573/emsj.8\(3\).2024.37](https://doi.org/10.59573/emsj.8(3).2024.37)
6. Das, A., Malaviya, S., Chakravarthi, G. F., Bhandari, G., & Chaudhary, M. (2023). Learner's performance: An introduction (Chapter 38). In *Design Thinking: Science, Engineering, and Management in Action* (pp. 215–220). India: The ICFAI University. https://www.researchgate.net/publication/373436781_Chapter_38_Learner%27s_Performance_An_Introduction
7. Dayag, E. H. (2022). Alternative reinforcement and activity-based learning (ARAL): Using contextualized tools to develop writing skills in Filipino. *International Journal of Business, Law, and Education*, 3(2), 100–103. <https://doi.org/10.56442/ijble.v3i2.49>
8. Learners' Performance Definition. Republic Act No. 12028. (2024, October 16). *An Act institutionalizing the Academic Recovery and Accessible Learning (ARAL) Program*. LawPhil. Retrieved from https://lawphil.net/statutes/repacts/ra2024/ra_12028_2024.html
9. Lojente, S. E. (2024). Empowering teachers: Enhancing students' performance in the Filipino subject through teaching competence. *International Journal of Scientific Engineering and Applied Science (IJSEAS)*, 10(7). <http://www.ijseas.com>
10. Lucas, R. I., Cordell II, M. O., Teves, J. M., Yap, S. A., Chua, U. M., & Bernardo, A. B. I. (2021). *Addressing the poor reading performance of Filipino learners: Beyond*

- curricular and instructional interventions* (Policy Brief, Vol. XIV, No. 1). DLSU-Angelo King Institute.
11. McLeod, S. (2025, March 17). *Operant conditioning: What it is, how it works, and examples*. Simply Psychology. <https://www.simplypsychology.org/operant-conditioning.html>
 12. Moghadam, Z. B., Haddad Narafshan, M., & Tajadini, M. (2023). The effect of implementing a critical thinking intervention program on English language learners' critical thinking, reading comprehension, and classroom climate. *Asian-Pacific Journal of Second and Foreign Language Education*, 8(15).
<https://sfleducation.springeropen.com/articles/10.1186/s40862-023-00188-3>
 13. Paano, J. C. P., & Fuentes, H. C. (2024). Factors affecting academic achievement in Filipino subject of Grade 9 students in Dolores National High School Division of Eastern Samar. *International Journal of Research and Innovation in Social Science (IJRISS)*, 8(11), 1726–1739. <https://doi.org/10.47772/IJRISS.2024.8110135>
 14. Ranque, K. M. I., Liwanan, R. B., Nieva, L. J. D. S., & Bernal, A. I. S. (2024). Students' proficiency in using Filipino language in academic communication. *International Journal of Innovative Research in Multidisciplinary Education (IJIRME)*, 3(3), 307–314. <https://doi.org/10.58806/ijirme.2024.v3i3n08>
 15. Sangers, N., et al. (2025). Learning a language through reading: A meta-analysis of studies on the effects of extensive reading on second and foreign language learning. *Educational Psychology Review*, 37(1), 1–24.
<https://link.springer.com/article/10.1007/s10648-025-10068-6>
 16. Santiago, E. Z. (2025). *Development and validation of multiple intelligence assessment and monitoring tools for Project STEER and the ARAL Program at Bulihan National High School*.
https://www.researchgate.net/publication/396142066_Development_and_Validation_of_Multiple_Intelligence_Assessment_and_Monitoring_Tools_for_Project_STEER_and_the_ARAL_Program_at_Bulihan_National_High_School
 17. Shin, H. G., & Kim, D. (2024). Effects of the English language intervention as a foreign language for struggling elementary readers in South Korea: A meta-analysis. *Asia Pacific Education Review*, 25(3), 503–517. <https://link.springer.com/article/10.1007/s12564-024-09999-6>
 18. Sison, R., Limjap, A. A., Talaue, F. T., Dimaunahan, R., Hernandez, K., Muñoz, A., & San Buenaventura, A. (2023). *Technology-supported distance learning for basic*

education in the Philippines. Animo Repository, De La Salle University.
https://animorepository.dlsu.edu.ph/res_aki/173

19. Szabo, E., Stranovská, E., & Ficzer, A. (2022). Experimental verification of the reading comprehension intervention for the German language as L3. *Journal of Education, Culture and Society*, 13(2), 369–382. <https://jecs.pl/index.php/jecs/article/view/1485>